

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Pinapasimulan ng Lungsod ng Brampton ang pinaka-unang Strategic na Plano sa Performing Arts**

BRAMPTON, ON (Mayo 4, 2022) – Sa araw na ito, sinuportahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang pinaka-unang Strategic na Plano sa Performing Arts 2022 hanggang 2027. May bisyon na buuhin ng nakakasiglang komunidad ng performing arts na naglalarawan sa diwa at diversity ng Brampton, ang framework na ito para sa hinahaharap ay naglalalatag sa pundasyon kung paano makarating doon at umaayon sa mas malawak na mga prayoridad at layunin ng Lungsod ng Brampton.

Tinukoy ng strategic na plano ang tatlong gumagabay na mga prinsipyo na inaangklahan ang trabaho kabilang ang diversity at pagpapasali sa lahat, isang pambuong lungsod na campus at pagbuo sa komunidad.

Ang strategic na plano ay tutuon sa apat na strategic na mga prayoridad:

- **Palawakin ang programa at outreach ng komunidad.** Ang performing arts programming model ay lalawak para matiyak na ito ay malugod na tumatanggap at mahalaga sa mas malawak na hanay ng mga audience at tagalikha. Ito ay makakamit sa pamamagitan ng sumusuporta at tumatagal na relasyon sa lokal na komunidad sa buong ecosystem ng sining at lampas pa, kabilang ang mga artist at mga manlilikha, mga partner ng komunidad, bago at umiiral na mga audience at iba pang mga department ng Lungsod.
- **Palalimin ang pagkakapantay-pantay, ang diversity, pagpapasali sa lahat at access.** Ang Performing Arts Division ay bubuo ng kumpletong equity framework at aksyon plan na kinabibilangan ng mga larangan tulad ng polisiya, programming, audience development, marketing at outreach.
- **Mamuhunan sa mas simple at mas mabilis na marketing, komunikasyon at website sa lahat ng mga venue ng performing arts.** Ang de-kalibre, multi-purpose na pasilidad, mga resource at serbisyo ng Lungsod ay nag-aalok ng malawak na hanay ng mga karanasan sa performing arts para sa mga komunidad. Bubuhin ang isang plano para iposisyon ang mga pasilidad ng Performing Arts bilang isang interrelated, multi-venue campus para mas mailarawan ang pambuong lungsod na resulta ng division, at mapadali ang karagdang mga suporta na kailangan para itaguyod ang paggamit sa lahat ng venue.
- **Linangin ang pagka-madaling nakakabangon ng organisasyon.** Rebyuhin ang mga pangangailangan sa pagpapatakbo kabilang ang kawani at mga pinagkukunan ng pananalapi at i-optimize o bumuo ng bagong mga revenue stream at pagkukunan ng pondo para matiyak ang pagka-sustainable ng

Ang team ng Performing Arts ay gagamit ng detalyado at yugto-yugtong roadmap para sa pagpapatupad ng strategic na plano sa loob ng susunod na limang taon. Para tingnan ang Strategic na Plano ng Performing Arts, bisitahin ang [brampton.ca/performingarts](http://brampton.ca/performingarts).

### **Mga Quote**

“Ang mga venue ng performing arts ng Lungsod ng Brampton ay nagkakabuhay, na ang komunidad ang sentro ng ating layunin. Excited ako na makita ang pag-develop ng ating unang Strategic na Plano sa Performing Arts para makatulong sa mas pagpapatibay sa artistic landscape ng Brampton, ngayon at sa hinaharap.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay isang liwanag ng diversity sa sining, malawak na naliliwanagang lungsod kung saan ang performing arts ay mahalaga sa lahat ng tao, mga background at posisyon sa lipunan. Ang Brampton ay isang Mosaic, at mahalaga na ang ating diverse, mapanlikhang populasyon ay naglalarawan sa ating programa. Ang Strategic na Plano sa Performing Arts ay tutulong sa pagpoposisyon sa Brampton sa darating na mga taon.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang team ng Performing Arts ng Lungsod ng Brampton ay nakagawa ng eksepsiyonal na trabaho sa pagpapalahok sa publiko at sa iba’t ibang mga stakeholder para makagawa ng isang masusing Strategic na Plan sa Performing Arts. Sa loob ng susunod na limang taon, ang framework na ito ay makakatulong sa pagpapalaki at pagpapasigla sa komunidad ng performing arts para matiyak na naglalarawan ito sa diwa at diversity sa Brampton.”

- *Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

“Ang Performing Artsay nagpapasalamat sa lahat kaninong input ay nakatulong sa pagsulat sa ating pinaka-unang Strategic na Plano. Committed na tayo ngayon sa paglipat mula sa constructive na mga salita tungo sa isang pahina ng nakakasiglang mga aksyon, sa ibabaw at ibaba ng entablado.”

- Steven Schipper, Executive Artistic Director, Performing Arts, City of Brampton

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

**KONTAK NG MEDIA**

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton  
[multiculturalmedia@brampton.ca](mailto:multiculturalmedia@brampton.ca)